# Ang Mga Nawawalang Mukha

CHUCKBERRY J. PASCUAL

Umaalingasaw ang antisipasyon sa loob ng barangay hall. Walang nag-uusap sa mga empleado, pero hindi sila mapakaling lahat: walang puknat ang tipa sa keyboard ni Kagawad Tu (kung ano ang tina-type, walang nakakaalam), panay ang testing sa webcam ng barangay secretary at siyang in-charge sa pagbibigay ng barangay clearance, nagwawalis at nagbubunot ang isang tanod, at nag-aagawan ang dalawang staff sa pag-aayos ng mga papeles na hinugot sa mga kinakalawang na filing cabinet. At lahat ng ito, habang wala rin silang tigil sa panakaw na pagbabatuhan ng mga tingin na buntis sa pananabik.

Hindi malaman ni Bree kung paano ipapakita sa ibang tao na nagtatrabaho siya bilang receptionist, kaya ginawa na lang niya ang laging ginagawa: nagsuklay siya ng buhok habang nakaupo sa likuran ng mesa sa bukana ng barangay hall. Para makasabay kahit paano, naglabas na rin siya ng compact mirror, ipinatong ito sa mesa, at hinaluan ng kagat-labing gigil ang pagsusuklay sa buhok na hanggang balikat. Hindi rin niya maitatanggi na para siyang biglang kinargahan ng koryente dulot ng bombang pinasabog ni Mang Noel, mas kilala bilang Kagawad Wan.

"Ang sabi sa akin ng isang kontak ko," panimula ni Kagawad Wan kanina, "pinagkapuri-puri ni Mayor ang feeding program ni Kapitan." Hindi na binanggit ng kagawad na sabit lang si Kapitan sa naturang feeding program, dahil ang nagpasimula talaga nito ay isang konsehal. Hindi na rin binanggit ng kagawad na ang tinutukoy niyang kontak ay ang balo ng nasirang guro sa PE ng Mababang Paaralan ng Talong Punay. Dumalo ang balo sa Recognition Day ng Mababang Paaralan dahil inaanak niya ang gagawaran ng Ikatlong Karangalang Banggit. Si Mayor ang susing tagapagsalita sa naturang okasyon. Nandoon din si Kapitan dahil malapit naman sila ng prinsipal.

Sa sobrang tuwa ni Kapitan na pinuri ni Mayor sa entablado ang feeding program, may ibinulong ito sa prinsipal ng Mababang Paaralan. Narinig ng janitor ang ibinulong ni Kapitan, at ibinalita naman ito sa balo. Kapitbahay

ng balo si Kagawad Wan, at nakahuntahan niya ito noong isang araw sa paresan. Doon nabanggit ng balo ang mabuting balita.

Walang reaksiyon ang mga nakarinig noong simula. Si Kagawad Tu ang bumasag sa katahimikan, “Oewenonamansamin?”

Halatang inasahan talaga ni Kagawad Wan ang tanong mula kay Kagawad Tu. Ang Tu ay galing sa Turing, pero madalas magbiro ang mga staff ng barangay na Kagawad Tu ang tawag dito dahil “tumabit” lang sa listahan ng mga nahalal na kagawad. Alam ng lahat ang lihim na iringan nilang dalawa, lalo na at walang tigil si Kagawad Wan sa pagmamalaki na siya ang kagawad na nakakuha ng pinakamaraming boto noong nakaraang eleksiyon. Hindi nagmimintis si Kagawad Wan na ipaalala ito sa lahat ng kausap sa barangay hall. Ito rin ang ginagamit niyang dahilan kaya siya malapit kay Kapitan, kaya siya ang dapat tanungin tungkol sa mga balita tungkol sa barangay, kaya hindi siya dapat nagtatrabaho, at kaya ang tanging gawain niya ay maging reserbang puno ng barangay. (At dahil nandiyan naman si Kapitan, kaya wala siyang silbi.) Hindi naman kinokontra ni Kapitan ang mga pahayag ni Kagawad Wan, na lalo lang nagpapalakas ng loob nitong huli. (“Ibigay kay Wan ang kay Wan, at kay Tu, ang kay Tu,” biro pa minsan ni Kapitan nang may manguwestiyon sa awtoridad ni Kagawad Wan na nakabatay lang sa bilang ng boto, at hindi sa aktuwal na trabaho.) Kaya pinalaki muna ni Kagawad Wan ang dibdib, parang tandang na nagyayabang, bago sumagot. “Nakarating na kay Kapitan ang balita, siyempre pa. At guess what? Sa tuwa ni Kapitan na nakilala ni Mayor ang lahat ng paghihirap niya—”

“Natin,” sabad ni Kagawad Tu. “Ang lagay, siya lang ang nagtatrabaho? Kundi pa laging absent—”

“—at ng buong barangay! Hindi pa kasi ako tapos!” bulyaw ni Kagawad Wan. “Kanina ka pang lintek ka! Gusto mo bang makarating yan kay ser?”

“Sorry. Sige, tuloy.”

“Dahil nga napakalakas na natin kay Mayor, papasok si Kapitan ngayon, para sabihing mag-a-outing tayo! At heto pa, sagot niya lahat!”

MUNTIK NANG TUMILI si Bree nang makita si Kapitan. Para maitago ang bumukang bibig, tinakpan niya ng buhok ang kalahati ng mukha pagpasok ng opisyal sa barangay hall. “Good morning po, ser,” bati ng receptionist.

Umungot lang si Kapitan bilang sagot. Hindi pa nakakalampas sa mesa ni Bree ang opisyal nang hangos na sumalubong si Kagawad Wan. “Ser, Kapitan, Ser! Magandang umaga po! Nabanggit ko na po sa kanila ang balita—”

Itinaas ni Kapitan ang kanang kamay sa ere, hinarang ang susunod na mga salita ng kausap. "Hep, hep. Anong balita?" Nakakunot ang mga kilay nito nang magtanong,

Walang lumilingon sa mga nakikinig, patuloy lang sila sa pagkukunwaring abala, pero alam ni Bree na sabay-sabay nagkislutan ang tainga ng mga kawani ng barangay. Halata sa boses ni Kagawad Wan ang pag-aalinlangan nang muling magsalita. "A, Kapitan, 'yong sa ano po? 'Yong ano ho, 'yong kahapon—"

Hindi sumagot si Kapitan. Tumitig lang ito kay Kagawad Wan. Umubo nang malakas si Kagawad Tu, kasabay ng malakas na pagtipa sa keyboard. Narinig sa buong barangay hall ang tahimik na paglagapak sa sahig ng amor propio ng numero unong kagawad.

Napatikhim naman si Bree, at tumigil sa pagsusuklay. Ibinalik na niya sa bag ang hair brush. Nainis siya sa mayabang na kagawad, at lalo sa sarili. Bakit nga ba maniniwala siyang darating ang araw na bibigyan sila ng pakonsuwelo ni Kapitan?

"Ano nga ulit 'yon, Kagawad?" tanong ni Kapitan. "Hindi mo sinagot ang tanong ko."

Kinuha ni Bree ang cellphone niya sa bag. Bago ang cellphone na ito, dahil natuluyan na ang lumang cellphone niya nang maibagsak ito sa karinderya ni Aling Blesilda. Ipinagmamalaki niya ang cellphone, hindi lang dahil ito ang pinakamahal na pundar niyang gamit—salamat sa kaibigan niyang Indiano na si Deepak, pumayag ito na dalawang buwan hulugan ang dalawang libong piso—kundi dahil ang pakiramdam ni Bree, walang maliliiit na butas ang kanyang balat sa tuwing nagse-selfie gamit ang cellphone. Parang kalsadang pinalitada ang mukha niya, higit pa ang epekto kaysa anumang kapal ng foundation na inilalagay sa mukha. Para hindi na marinig ang kumpirmasyon ng kabiguan sa mga pangakong hindi naman binitiwan ni Kapitan, naghanap na lang siya ng magandang anggulo para sa selfie.

"May nagsabi po sa akin, Kapitan—" sabi ni Kagawad Wan. "Ano raw po, sinabi n'yo raw po—"

"Na?"

"Na mag-a-outing raw ho tayo."

"Talaga? Sinabi ko 'yon?"

Tumawa nang malakas si Kagawad Tu.

"Anong nakakatawa, Tu?" tanong ni Kapitan.

"Naku, wala lang ho, Kapitan," sagot ng kagawad. "May naalala lang ho ako."

"Ano?"

"Nakalimutan ko na ho."

"Pilitin mo."

"A, 'yong nagpa-clearance ho kahapon, nakakatawa ho 'yong apelyido."

"Ano?"

"Binayagan ho."

"Pinsan ko 'yon. Binayagan ang lolo ko sa nanay ko."

Halos sumubsob ang mukha ni Kagawad Tu sa keyboard. Nagpatuloy na lang siya sa pagtipa, at hindi na muling nagsalita. Naglakad si Kapitan papunta sa kanyang opisina. Naiwan sa kinatatayuan si Kagawad Wan. Nakatungo ito, parang batang iniwan ng sorbeterong ubos na ang paninda. Nang makarating si Kapitan sa pintuan, lumingon ito. "Wan?"

"Ser?" tanong ni Kagawad Wan.

"Oo."

"Ano hong—?"

"Mag-a-outing tayo."

Magsasalita sana si Kagawad Wan at ang iba pang mga kawani, pero wala nang ibang narinig sa barangay hall kundi ang tili ni Bree. Tumigil lang si Bree nang bulyawan siya nang mas malakas ni Kapitan, "Brigido! Sasapatusin ko 'yang mukha mo!"

"MERON BA KAYONG mga request sa outing natin? Pagkain, ganyan?" tanong ni Kapitan habang nakatuon ang atensiyon sa hawak na cellphone. Kumikinang ang nguso ng opisyal sa mantika ng lechon. Hindi man nakikita ni Bree ang cellphone ni Kapitan, pamilyar sa kanya ang musikang galing sa cellphone ng opisyal. Naglalaro ito ng Clash of Clans.

Nasa pinakamalaking mesa sila ng barangay hall. Bukas na espasyo ito, pero tinatawag nilang conference room. Sagrado ang conference room dahil dito pinaghaharap at pinag-aayos ang mga nag-aaway na kapitbahay. Hindi maaaring gamitin sa ibang paraan ang espasyong ito. Pero dahil mahalaga ang pagpaplano sa kanilang outing, nagpatawag ng lunch meeting si Kapitan sa

conference room. Si Kagawad Wan muli ang nagbalita sa lahat, at pinakadiin-diinan niyang KKB ang tanghalian. "Ibubuhos lahat ni Kapitan sa outing," sabi ng kagawad. Kaya habang pinapanood kanina kung paanong lantakan ni Kapitan ang isang plato ng lechon, pinilit ni Bree ang sarili na makontento sa kanyang ginisang munggo.

"Ser, puwede ho ba tayong mag-pizza?" tanong ng barangay secretary. Napansin ni Bree ang mabilis na paggalaw ng lalagukan nito pagkatapos magsalita. Hindi masiguro ng receptionist kung natakot ito sa maaaring isagot ng pinuno o natakam lang sa sariling tanong.

"Puwede naman," sagot ni Kapitan. Nakatutok pa rin ito sa hawak na cellphone.

"Salamat po, ser," wika ng barangay secretary, saka sumubo ng kanin at dinurog na tinapa.

Bumukas ang gripo ng pantasya sa isip ng mga kawani ng barangay, at nasundan ang hiling ng barangay secretary ng iba't ibang pakiusap na putahe. May humiling ng lechon manok, ng lechong Cebu, ng lechong baka, kare-kare, afritada, pecadillo, hamburger, spaghetti, siopao, bacon, at kung ano-anong pancit, mula luglog hanggang habhab. Sa lahat ng ito, puro "puwede naman" ang isinagot ni Kapitan, pero hindi rin nawawala ang mga mata nito sa hawak na cellphone.

Nang banggitin naman ni Kapitan na kinakailangan nilang magbaon ng tent, dahil mag-o-overnight sila sa pupuntahang isla, lalong umapaw ang galak sa dibdib ng mga tauhan ng barangay hall.

"Ngayon lang ako makakapunta sa Boracay," bulong ni Kagawad Tu kay Bree. Nanginginig pa ang boses nito, parang batang hindi makapaghintay sa tatanggaping regalo.

Sa TV lang naririnig ni Bree ang salitang Boracay, at alam niyang maraming artistang nagpupunta sa lugar na ito. "Homaygad! Nasa Boracay din ho ba si Jerry Anderson? Nakupo, ser, solid Jerrynatics ako," bulalas niya.

Umangat ang ulo ni Kapitan sa cellphone. "Anong Boracay ang pinagsasabi mo diyan? Sa Sitio Tagolilong tayo magpupunta."

Nalaglag ang panga ni Bree. At kahit hindi na siya lumingon, sigurado siyang nagsingangahan rin ang lahat ng nasa loob ng conference room. Maliban kay Kagawad Wan. "Suwerte! Napakaganda ng Sitio Tagolilong!" sabi ng kagawad.

Tiningnan ito ni Bree para tahimik na kondenahin sa pagsisinungaling, pero nakapako sa dingding ang mga mata ni Kagawad Wan. "Sa katunayan ho, Kapitan, ser, may plano na po ako sa outing natin."

"O, makinig kayong lahat kay Wan," sabi ni Kapitan, saka bumalik sa paglalaro sa kanyang cellphone. "Sige lang, Wan."

Idinetalye ni Kagawad Wan ang mga nais niyang mangyari sa outing—kung anong oras silang magkikita-kita, kung saan, kung sino ang taga-Sitio Tagolilong na puwede niyang kausapin sa lalong madaling panahon—pero wala nang narinig si Bree. Pinapantasya na niya ang pagwasak sa base ni Kapitan sa Clash of Clans.

HUMIGIT-KUMULANG TATLUMPUNG EKTARYA ang laki ng Sitio Tagolilong. Dinarayo lang ito noon ng mga taga-Talong Punay na desperadong makalibre ng pagsu-swimming at pagbi-beach. Nagagagad din naman ng mabuhangin at mabatong isla ang pakiramdam ng pagpunta sa mga mamahalin at malalayong beach. Ginagawa rin itong pansamantalang himpilan ng mga namamalakaya. Isang araw, may mangingisdang naisipang magtayo ng barumbarong, at doon na nanirahan. Gumaya sa kanya ang ilang mangingisda. Doon na nag-asawa ang ilan, nagkaanak, at muling nag-asawa, hanggang umabot na sa mahigit isandaan ang pamilyang naninirahan sa buong isla. Dumalang na ang pagpunta ng mga gustong makapalibre ng beach, at halos naging eksklusibo na ang mga dalampasigan sa mga mamamayan ng Sitio Tagolilong.

Dahil masyadong matagal ang paghihintay kung tatawid nang nakabangka, gumawa ang mga residente ng tulay na gawa sa kawayan para mapadali ang paglalakbay. Walong daang metro ang haba ng tulay na nagdudugtong mula sa pangunahing lupain ng Malabon at sa isla.

Alas singko ng umaga sila nagkita-kita sa palengkeng bayan ng Malabon, iyong malapit sa consignacion. Mula roon, sumakay sila ng traysikel papunta sa tulay ng Sitio Tagolilong. Huli ng tatlong oras si Kapitan, kaya nakadungaw na ang araw nang simulan nila ang pagtawid sa aalog-alog na tulay na kawayan.

Ilang metro pa lang ang nilalakad nila, namimitig na ang mga braso ni Bree. Bahagya rin siyang nahihilo dahil sa pag-alog ng mabuway na tulay. Sampung tarpaulin ang kipkip ng receptionist sa isang braso at isang bungkos ng mga putol-putol na kawayan sa kabila. Hindi na nga siya magkandaugaga sa pag-ipit ng mga ito sa pagitan ng braso at katawan, dagdag pa ang bigat

ng dala niyang knapsack na may damit, tuwalya, at iba pang mga kailangan niya sa paliligo at pagpapaganda. Si Kagawad Wan ang nag-utos na magdala sila ng mga tarpaulin mula sa barangay hall—isang may larawan ni Kapitan at siyam na may larawan ng mga kagawad—dahil gagamitin ang mga ito sa paggawa ng mga improbisadong tent para sa kanilang lahat. Ito rin daw ang gagamitin niyang halimbawa para sa napipintong paghahanda ng proposal na magkaroon ng tarpaulin drive sa buong barangay.

May mga tumutol sa mungkahi ni Kagawad Wan noong nagpulong sila, pero nagpilit ang kagawad. Bahagi raw ng plataporma niya ang pag-aalaga sa kalikasan, kaya kinakailangang mag-recycle hangga't maaari. At ang mga tarpaulin ng mga politiko ang kayamanan ng Talong Punay.

Walang nakumbinsi sa naturang argumento. Nasunod lang ang gusto ni Kagawad Wan nang sabihin niya na ang anumang matitipid ni Kapitan sa paggawa ng mga improbisadong tent ay maaaring ilaan sa budget sa pagkain at pamasahe.

Pero tulad ng mga pangako ni Kapitan noong kampanya, hindi natupad ang mga ipinangako ni Kagawad Wan. Ang mga staff rin ang nagbayad ng traysikel na sinakyan. Wala silang baon na masasarap na putahe. Sa halip, para silang mga refugee na tumanggap ng donasyon: apat na malalaking plastic na puno ng de-latang sardinas, tuna, biskuwit, kornik, at monay ang dala nila. May hila-hilang case ng beer at ice box sina Kagawad Tu at ang barangay secretary. May bitbit na malaking picnic box si Kagawad Wan. Si Kapitan ang may pinakamagaang na dala, isang malaking tupperware lang ang kipkip nito. Pero siya rin ang bukod tanging sumakay sa bangka papunta sa Sitio Tagolilong. Ingat na ingat si Kapitan sa pagsakay, halos ipagsaksakan sa sariling dibdib ang tupperware. Mukhang takot na takot itong malaglag sa tubig ang hawak at pinagsususpetsahan nito ang umaasisteng bangkero na magnanakaw ng tupperware.

"Malayo pa ba tayo?" tanong ni Bree. Halos mahilam na siya sa sariling pawis.

Walang pumansin sa receptionist, maliban sa isang babaeng kawaning umirap. Sa ibang okasyon, tatarayan ito ni Bree, pero alam niyang kapuwa lang sila naaagnas na ang makeup sa mukha dahil sa init at bigat ng mga dalang gamit, kaya hindi na lang siya kumibo. Inisip na lang niya ang lahat ng selfie na puwede niyang i-upload sa Facebook mamaya, pagdating nila sa isla.

Pangingisda ang pangunahing kabuhayan ng mga taga-Sitio Tagolilong. Halos lahat ng kalalakihan ay regular na namamalakaya. Ibinabagsak nila ang mga huling alimasag, alimango, alupihang dagat, tahong, at tilapia sa consignacion. Ang mga matanda, bata, at kababaihan naman ay tumutulong sa pamamagitan ng paggawa ng lambat at pag-uuling. Karaniwang tanawin na ang mga hindi pa tapos na lambat na nakasabit sa bintana at dingding ng mga barumbarong sa isla.

Dahil walang nagmamay-ari sa isla, walang binabayarang buwis ang mga nakatira doon. At dahil walang direktang pakinabang, halos hindi alam ng lokal na gobyerno ang gagawin sa kanila. Walang koryente sa isla. Wala ring mga paaralan. Sa Mababang Paaralan ng Talong Punay pumapasok ang ilang batang nag-aaral. Kumpol ng mga barumbarong lamang ang matatagpuan sa isla, at depende sa oras ng pagpunta, mga bangkang nakadaong sa dalampasigan. May isang sari-sari store, pero iilang shampoo, sabong panlaba, kendi, at uling lang ang ibinebenta. Tulad ng mga batang tumatawid sa daan-daang metrong tulay para lang makapasok sa paaralan, dumadayo pa ang mga residente sa palengkeng bayan para sa iba pang pangangailangan.

May opisyal na pangalan ang isla ng Sitio Tagolilong, pero walang opisyal na pag-iral. Hindi malinaw kung aling barangay at distrito ang may sakop sa kanila, at wala ring nagtatangkang makialam. Bagaman may iilang pagkakataon na kinikilala sila ng lokal na gobyerno: halimbawa, dinaraanan sila ng mga kandidato sa panahon ng pangangampanya—ito ang dahilan kung bakit may mangilan-ngilang nakarehistrong taga-Sitio Tagolilong na bumoboto sa mga presinto sa Barangay Talong Punay—o kaya naman ay paimbabaw na dadalawin at kukumustahin ng mga lokal na opisyal kapag nasusumpungang pansinin ng media (dalawang beses nang itinampok sa panggabing balita ang isla)—pero maliban pa roon, umiiral ito nang bukod.

Maaga pa, pero tirik na ang araw nang makarating ang mga taga-Barangay Talong Punay sa Sitio Tagolilong. Wala ring kahangin-hangin noong araw na iyon, kaya ang pakiramdam ni Bree, bumubula na pati ang leeg at kilikili ng kaluluwa niya. Pagbaba sa tulay, ibinaba kaagad ng receptionist ang mga tarpaulin at hinubad ang kanyang knapsack. Kumuha siya ng bimpo mula sa knapsack, at ipinahid ito sa mukha. Kombinasyon ng putik at makeup ang nabakas sa bimpo pagkatapos. Lumingon siya, at napagtantong hindi lang siya ang nagpuputik. Halos mabura na ang mga mukha ng mga kasamahan sa pagpupunas ng pawis.

“Hoy, Bree. Etong limandaan. Pumunta ka doon,” inginuso ni Kagawad Wan ang isang kalayuang grupo ng barumbarong. “Sabihin mo, tayo ’yong aarkila ng generator, bentilador, saka mga bombilya. Bumili ka na rin ng uling.” Wala ring tigil ang pagpapahid niya ng bimpo sa buong mukha.

“Saan ho ako bibili?” tanong ni Bree.

“Doon din. O kahit saan mo gusto,” sagot ng kagawad. “Halos lahat dito, nagbebenta ng uling. Kumatok ka lang sa mga bahay.”

“Para saan ho ba ang uling?”

“Para sa mukha mo,” sagot ni Kapitan na walang kapawis-pawis sa mukha. Pinapayungan siya ng barangay secretary, at pinapaypayan ni Kagawad Tu. Pareho silang naglalapot. Mukhang isinawsaw na naman sa isang mangkok ng mantika ang mga labi ni Kapitan. Binuksan na nito ang tupperware na lechon pala ang laman, at nagsimula nang mamapak. Sandaling nasulimpat ang tingin ni Bree nang tamaan ng sikat ng araw ang nguso ni Kapitan. Nakatitig lang itong huli sa kanya, walang tigil ang pagnguya, halatang naghihintay ng reaksiyon sa kanyang pambubuska.

Ngumiti na lang si Bree, tumawa nang mahina, saka itinuon ang atensiyon sa itim na buhangin ng isla. Kaylayo nga ng Sitio Tagolilong sa Boracay, isip niya. Puti raw ang buhangin doon, sabi ni Kagawad Tu. Nagkuwentuhan silang lahat pagkatapos ng pagpupulong. Naglabasan ang mga sama ng loob sa pagkawasak ng mga pangarap nilang makapunta sa beach na madalas puntahan ng crush niyang si Jerry Anderson.

“May baon akong barbecue.” Itinuro ni Kagawad Wan ang picnic box na bitbit kanina.

Totoong ngiti na ang sumilay sa mga labi ni Bree. Kahit paano, may pag-unlad sa karaniwan niyang pagkain ang barbecue. Kinuha niya ang pera, at naglakad papunta sa barumbarong. Hindi pa siya nakakalayo nang marinig si Kagawad Wan na sumigaw, “Picture-picture na!”

Pinigilan ni Bree ang sarili na bumalik at sumama sa mga nagkukuhanan ng larawan. Pinigil din niya ang sariling magtampo. Ipinaalala niya sa sarili ang posisyon sa barangay hall: utusan ng mga utusan. Inilabas na lang niya ang cellphone sa bulsa, at naghanap ng magandang anggulo para sa isang selfie. Isinama niya sa kuha ang mga kawani sa barangay, para silang mga nagkakagulong ekstra sa likod, at siya ang bidang sinasamba ng kamera.

Nasa bungad ng kumpol ng barumbarong ang isang ito. Mataas ang mga tukod ng barumbarong, kaya nakaangat ito ng ilang piye mula sa lupa at malaki ang silong. May nakasabit na lambat mula sa bintana ng bahay. Hindi pa tapos ang pagkakayari sa lambat, at sumasayad ito hanggang lupa, parang buhok ng isang higanteng babae na hindi nagsusuklay. Isang babae ang pangunahing naghahayuma. Nakaupo siya sa isang mataas na bangkito. Tinutulungan siya ng isang binatilyo. Inaabot ng binatilyo ang mga piraso ng nylon na pagtatagniin ng babae. Pagkakita sa mga ito, agad ibinulsa ng receptionist ang kanyang bagong cellphone.

"Excuse me po, ako po si Bree. Ako po 'yong pinapunta ni Kagawad Wan. Kami ho 'yong taga-Talong Punay," bungad ni Bree.

"Ay, magandang umaga ho. Welcome po sa dito sa Tagolilong," nakangiting sagot ng babae.

"Magandang umaga po, Aling—?

"Lolit."

"Kami ho 'yong aarkila ng generator, Aling Lolit." Kinapa niya ang cellphone sa bulsa. Nangungupahan lang siya sa isang bodega sa Barangay Talong Punay, pero may suspetsa siyang mas komportable ang kanyang pamumuhay kaysa buong pamilya.

Tumayo ang babae at tinapik ang binatilyo. Iniwan ng binatilyo ang lambat, at sumuot sa ilalim ng bahay. Naiwan si Aling Lolit, nakatayo at nakatitig lang kay Bree. Gusto niyang alukin ito na sumama na lang sa pagkakasiyahan ng mga taga-Talong Punay, pero alam niyang hindi matutuwa sina Kapitan at Kagawad Wan. Ibinaling na lang niya ang atensiyon sa lambat.

Paglabas ng binatilyo, may hila na itong lubid na nakapaikot sa isang lumang generator. Sa kabilang kamay, may bitbit na lumang desk fan, at may nakasukbit na lumang gym bag sa isang balikat. Inilagak ng binatilyo sa paanan ni Bree ang mga gamit.

"Salamat. Eto pala ang bayad," inabot ni Bree ang limandaan sa batang lalaki.

Tinanggap ng binatilyo ang pera at parang napaso sa salapi, agad itong ibinigay sa babae.

"Naku, ang laki ho nito. Wala ho kaming panukli," bulong ni Aling Lolit.

"Kunin n'yo na lahat," sagot ni Bree. "Hanggang bukas naman ho kami dito."

“Kahit na ho, limang piso lang ho ang upa sa generator kada isang oras. Pero huwag ho kayong mag-alala, kahapon lang ho nakargahan yan sa Bayan.”

“Ah, e, kasama na rin ho ’yong upa diyan sa ibang gamit? Ito hong mga nandito,” dinampot ni Bree ang lumang gym bag. Nagulat siya sa bigat, pero pinanindigan ang pagbuhat. Binuksan niya ang zipper: mga cord extension, bombilya, fluorescent, plais, liyabe, mga pako, turnilyo, at kung ano-ano pang kagamitan na hindi na niya alam ang pangalan.

“Sobra ho yata ito,” pilit ng babae. “Wala ho kaming panukli—”

“Uling! Kukuha rin ho ako ng uling! Meron ba kayo non?” bulalas ni Bree. Maingat niyang inilapag sa lupa ang gym bag, takot na mabasag ang mga bombilya at flourescent kapag umumpog sa matitigas na kagamitan.

Ngumiti si Aling Lolit, saka tinapik ulit ang binatilyo. Sumuot ulit ito sa silong ng bahay. Paglabas, dalawang sako ng uling na ang hila.

“Pagdamutan n’yo na ho,” sabi ng binatilyo kay Bree. Pagkuwa’y bumaling kay Aling Lolit, “Samahan ko na po siya, ’Nay?”

“Sige, anak,” sagot ng babae.

“WALA NANG SUKLI?” singhal ni Kagawad Wan.

Mistulang namumulang puwit na pinalo nang paulit-ulit ang mukha ng kagawad. Hindi mawari ni Bree kung dahil ba ito sa matinding sikat ng araw o sa biglang sulak ng dugo. Lumingon muna siya sa binatilyo para humingi ng paumanhin sa kabastusan ng pagsalubong sa kanila, bago sumagot. “Ang dami ko ho kasing kinuha, pasensiya na, Kagawad. Tinulungan na nga ho ako nitong si—”

“Teddy ho,” sagot ng binatilyo.

“Ano to, bakit ang daming uling? Hindi naman tayo mag-iihaw ng baka!” Ni hindi nilingon ng kagawad ang binatilyo.

“’Yong sobra ho, iuuwi ko na lang,” katwiran ni Bree.

“Siya, siya,” bruskong sagot ng kagawad. “Set up n’yo na ’yang generator, kanina pa init na init si Kapitan.”

Nagtulong sina Bree at Teddy sa paghahanda ng mga gamit at pagpapatakbo ng generator. Hindi na siya umimik nang wala man lang magtangkang tumulong sa kanilang dalawa. Hindi na rin siya nagtaka nang matapos ang paandarin ang generator, ikabit dito ang mga bombilya at itutok ang bentilador kay Kapitan, siya pa rin ang inutusan ni Kagawad Wan na

magpasimuno sa paghahanda ng pagkain. Wala na siyang aasahan, at nahihiya rin siya sa kabaitan ng binata, kaya si Bree na ang nag-abot ng sampung piso sa binatilyo pagkatapos nitong tumulong.

"Salamat po," sabi ni Teddy.

"Gutom na kami," ungot ni Kapitan habang nakatapat ang mukha sa bentilador. Bahagyang nakakahinga na sina Kagawad Tu at ang barangay secretary dahil tumatama rin sa kanila ang hangin mula sa bentilador.

Dinampot ni Bree ang mga plastik na puno ng baon nilang pagkain. Malayo-layo rin ang nilakad niya papunta sa likuran ng isang malaking bato. May kaunting lilim doon, at posibleng lumamig nang kaunti mamayang gabi dahil malapit-lapit sa dalampasigan. Nailatag na niya ang kumot at nailapag sa ibabaw nito ang ilang piraso ng monay at lata ng sardinas nang marinig niyang pumuswit si Kagawad Wan.

"Psst! Bree!"

"Ho?"

"Nasaan ang mga tarpaulin?"

"Nandiyan lang ho," sagot ni Bree. Bumalik siya sa pag-aayos ng mga pagkain sa ibabaw ng kumot. Pinagsama-sama niya sa iisang tumpok ang tinapay, sardinas, biskuwit, at kornik. Itinabi niya ang mga gamit na plastik, para magsilbing sisidlan ng basura. Nakakahiyang mag-iwan ng kalat sa Sitio Tagolilong. Wala silang kasabay na bumisita, walang ibang puwedeng pagbintangan kundi sila.

"Saan dito? Halika nga!" tawag ni Kagawad Wan.

Itinigil niya ang ginagawa at naglakad pabalik sa puwesto ni Kagawad Wan at ng iba pang kasamahan.

"Kagawad, ser, iniwan ko lang po diyan kanina," sabi ni Bree. Kanina pa siya nagkikilos, kaya tumatagaktak ang pawis niya sa buong katawan.

"Saan nga dito?"

Bumuntong-hininga muna ang receptionist bago muling nagsalita. Kailangan niyang manatiling kalmado. Mahaba pa ang araw. "Diyan nga ho, sa tabi ng knapsack ko." Itinuro niya ang knapsack, saka nilapitan. "Kita ninyo, nandito ang gamit ko, 'yong mga kawayan, at itong mga tarpaulin … Teka, nasaan na nga ba ang mga iyon? Nandito lang 'yon kanina."

"Kanina pa rin kami naghahanap."

"Si Teddy ho? 'Yong batang lalaki? Baka nakita niya."

"Malay ko."

Wala na palang ibang tao sa paligid nila ni Kagawad Wan. Nag-uunahan na ang mga ito papunta sa likuran ng bato, iyong malapit-lapit sa dalampasigan, kung nasaan ang pagkaing inihanda ni Bree kanina lang.

"Puwede ho bang kumain muna? Gutom na rin ako, ser," pakiusap ni Bree.

"Hanapin mo na muna 'yong mga tarpaulin. Unahin mo muna ang mga kasamahan natin, bago 'yang sikmura mo," sagot ng kagawad.

NAGSI-SIESTA NA SI Kapitan nang makabalik si Bree sa kanilang kampo. Inilipat ng mga kawani at kagawad ang puwesto ng kumot na may mga pagkain, ipinalit dito ang kumot na hinihigaan ng pinuno ng barangay. Inilipat na rin ang generator at bentilador. Nakatutok na ang bentilador sa naghihilik na Kapitan.

Dalawang oras naglibot si Bree sa buong isla sa paghahanap sa mga tarpaulin. Natagpuan niya ang mga ito sa kabilang bahagi, iyong batuhan na nasa dulo ng isla. Malayo na ito sa kumpol ng mga barumbarong. Halatang hindi ito masyadong dinarayo maging ng mga mangingisda, dahil walang nakadaong na mga bangka. Puro basura ang paligid. Karamihan iyong mga iniwan na lamang doon ng hangin, mayroon ding isinuka ng tubig sa dalampasigan.

Doon sa bungkos ng mga basurang iyon natagpuan ni Bree ang mga tarpaulin. Nakabulatlat ang mga ito sa buhangin, parang mga gusot na kumot. Madali silang makikita dahil namumukod ang mga puting likuran, hindi pa masyadong nilalamon ng putik. Dinampot ni Bree ang mga tarpaulin, isa-isang ibinalumbon at dinala pabalik sa kampo ng mga taga-Barangay Talong Punay.

"Anong nangyari sa mga ito?" tanong ni Kagawad Wan pagkatapos ilatag sa buhangin ang dalawa sa sampung tarpaulin. Butas-butas ang mga ito. Ginupit ang mukha ng mga taong nasa larawan. Kakatwa ang pagkakagupit dahil sinundan ang hugis ng panga, tainga, at buhok. Parang gagamiting maskara ang mga mukhang tinanggal.

"Ewan ko ho," matamlay na sagot ni Bree. Nagtaka rin siya at bahagyang nahintakutan sa nangyari—anong klaseng tao ang magnanakaw ng tarpaulin

at magnanakaw ng mga mukhang kaypapangit naman?—pero dinadaig na siya ng gutom at pagod.

"Ganito rin ba ang nangyari sa iba?"

"Ito lang hong isa ang hindi."

"Alin?"

"Ito ho." Kinuha ni Bree ang tarpaulin na bukod-tanging hindi tinanggalan ng mukha, inalis ito sa pagkakabalumbon, inilatag sa buhangin.

Pagkakita sa naturang tarpaulin, napamura nang malakas si Kagawad Wan, saka tinakpan ng palad ang sariling bibig. Sinaway siya ng sutsot ni Kagawad Tu. Pero huli na, naalimpungatan na si Kapitan.

"Anong nangyayari?" tanong ng pinuno, pupungas-pungas pa.

Walang umiimik. Naramdaman ni Bree na nakatingin sa kanya ang lahat, kaya siya na ang unang nagsalita. "Ser, ito ho kasing mga tarpaulin natin—"

"Anong nangyari sa mga tarpaulin natin?"

"Nawawala ho ang mga mukha, ser. Lahat po, maliban sa isa." Itinuro ni Bree ang nakalatag na tarpaulin, iyong may solong larawan ni Kapitan. Mukha lamang ng pinuno ng barangay ang hindi tinanggal. Sa halip, nilaslas ito: mula kanang sentido papunta sa ilalim ng kaliwang panga, wakwak ang mukha ni Kapitan.

Napaupo si Kapitan at tinutop ang matabang dibdib. "Anong ibig sabihin nito?"

"Ewan ho," sagot ni Bree.

"Paano na ang ibang tarpaulin?"

"Pupuntahan ko na lang ho 'yong mga gumagawa ng lambat. Puwede nilang tahiin ang mga 'yan."

"Panginoon, pagkatapos ng lahat ng kabutihang ginawa ko?" bulong ni Kapitan.

"Puwede ho ba, kumain muna ako?" tanong ni Bree.

"Ano ba ang meron sa mukha ko, Brigido?"

"Gutom na ho ako, kailangan ko ho munang pag-isipan—"

"Asikasuhin mo na muna 'yang mga tarpaulin. Mainit na, kailangan nila ng silong," sabad ni Kagawad Wan.

"Penge lang nga ho muna n'yang monay."

"Huwag kang makasarili, uy. Unahin mo muna ang mga kasamahan natin. Hindi lang ikaw ang nagugutom."

Sasagot pa sana si Bree, pero nawalan na siya ng kausap. Nagtakip kasi ng mukha si Kapitan. Nag-unahan ang lahat na kalamayin ang loob ng pinuno. Napuno ang hangin ng sunod-sunod na pag-alo sa pinuno. Naku Kapitan, huwag ho kayong mag-alala. Wala lang ho 'yan, Kapitan. Kayo ho ang pinaka-cute na barangay captain. Huwag ho kayong maniniwalang pangit kayo, huwag. Hindi po kayo mukhang baboy, mukha ho kayong magbababoy. Magkaiba ho 'yon. Heto ho, kumain kayo ng lechon. Ayan na, ayan na. Ambait talaga ni Kap, o. Tatahan na 'yan. Matapang 'yan. Aruuuu.

Habang abala ang lahat, pumunta si Bree sa tumpok ng mga baon nilang pagkain, at dumampot ng dalawang monay. Kinain niya ang isa habang naglalakad papunta sa kumpol ng mga barumbarong. Malayo na siya, at nagsisimula na sa ikalawang monay nang marinig ang pahabol na palahaw ni Kapitan, "Bakit hindi nila gusto ang mukha ko?"

Sa loob-loob ng receptionist, wala naman talagang matutuwa sa kachakahan mo. Kahit maligno mabobokot sa pes mo.

MADALING KAUSAP ANG mga taga-Sitio Tagolilong. Hindi nagdalawang salita si Bree nang sabihin niyang kailangan ng mga magpapatse sa mga nabutas na tarpaulin. Kay Aling Lolit siya lumapit, ang nanay ni Teddy. Inabutan niya ang mag-ina na naghahayuma pa rin sa labas ng barumbarong. Itinigil agad ni Aling Lolit ang ginagawa, at pinuntahan ang ibang mag-iinang gumagawa rin ng lambat sa harapan ng kani-kanilang tirahan. Hindi pa man sinasabi ni Aling Lolit kung magkano ang pabuya, kinuyog na si Bree ng walong bata. Pinagsabihan muna niya ang mga ito na huwag papayag na mababa kaysa isandaang piso ang singilin bawat isa bago tumulong, saka itinuro ang pinagkakampuhan ng mga taga-Barangay Talong Punay. Nag-unahan ang mga itong kumuha ng mga ekstrang balumbon ng nylon, karayom, at aspile, sa harap ng kani-kanilang bahay, saka kumaripas palayo.

Pagkaalis ng mga bata, napansin ni Bree si Teddy. Hindi ito umalis sa kinatatayuan, patuloy lang sa tahimik na paghahayuma. Nilapitan ni Bree ang binatilyo.

"Bakit hindi ka sumama sa kanila?" tanong ng receptionist.

"Binigyan n'yo na po ako kanina," sagot ni Teddy, hindi nag-aangat ng mata.

"Pero mas malaki ang bayad doon—"

“Oo nga naman, anak. Sumunod ka na. Iwan mo na sa akin ’yan,” sabi ni Aling Lolit, galing sa pakikipaghuntahan sa tapat ng katabing barumbarong. Kasama niya ang isa sa mga kausap kanina. May hawak itong nakabilot na magasin.

“Tatapusin ko na lang ho ito,” sagot ni Teddy.

May kumalabit kay Bree.

“Mawalang galang na ho,” bungad ng babaeng kasama ni Aling Lolit. “Ano po ba ang nangyari sa mga baon ninyong … ano nga ba ’yon?”

“Tarkolin,” singit ni Aling Lolit. “Ay, pasensiya ka na rito kay Edna. Tsismosa lang talaga ’yan.”

Pinalo ng kapitbahay si Aling Lolit sa braso ng hawak na magasing nakabilot. “Nakow, tsismosa raw. E di ba ikaw ang lumapit at nagsabing me nawawala na namang—”

“Ay, nakita na ho ’yong mga tarpaulin namin, Aling Edna. Kailangan lang hong remedyuhan,” sagot ni Bree. Hindi siya tumingin kay Aling Lolit pagkatapos itama ang bigkas.

“Ano ang sira?” usisa ni Aling Edna.

“Nagkabutas-butas ho—ay, puta!”

Nalaglag ang lambat sa kanilang apat. Nagpakawala rin ng tili ang dalawang babae.

“Sorry po! Naku, sorry po!” bulalas ni Teddy. Nasa ilalim din siya ng lambat.

Walang kibo si Aling Lolit habang umaalis sa pagkakalambat. Panay naman ang palatak at paanas na reklamo ni Aling Edna. Nginitian na lang ni Bree ang binatilyo para iparating na hindi siya galit, kahit sa totoo lang, mangani-ngani na siyang sampalin ito. Kumakalam na nga ang sikmura at nanghahapdi na ang mukhang humulas ang makeup sa sikat ng araw, pagmumukhain pa siyang sabukot. Nagulo ang buhok niya at lalong dumikit sa pawisang batok at mga pisngi dahil sa lambat.

Pagkatapos muling ikabit ang lambat sa bintana ng barumbarong, nagpaalam ang binatilyo. Sasama na lang daw siya sa pagpapatse ng mga tarpaulin. Tumango lang si Aling Lolit, at agad bumalik sa paghahayuma. Ni hindi man lang ito nag-ayos ng buhok na nagulo dahil sa lambat.

“Mauuna na ho ako,” sabi ni Bree habang sinusuklay ng mga daliri ang buhok na hanggang balikat. Nagtaka siya sa pagbabago ng isip ng binatilyo.

“Teka, tingnan mo muna ito,” habol ni Aling Edna.

“Edna, manong wag mo nang istorbohin si ser,” sabi ni Aling Lolit.

Hindi na sumagot si Aling Edna, binulatlat na lang ang hawak na magasin sa harapan ni Bree. Ginupit din ang mukha ng babaeng artista sa pabalat.

HINDI AGAD PUMUNTA sa kampo ng mga taga-Barangay Talong Punay si Bree. Kinutuban siya matapos makita ang magasin ni Aling Edna. Lalo na nang idagdag nitong hindi lang ngayon nangyari na may mga mukhang nawala sa Sitio Tagolilong. Pati raw mga diyaryo, kalendaryo, kung ano-anong poster na naiiwan sa kung saan, tinatanggalan ng mukha ang mga taong nasa larawan.

Tinunton ulit ni Bree ang lugar kung saan niya natagpuan ang mga tarpaulin. Hindi pa siya nakakalayo sa kumpol ng mga barumbarong, napatunayan na niyang tumpak ang hinala: naglalakad din papunta sa malaking bato sa dulong dalampasigan si Teddy. Walang mapagtataguan kung sakaling lumingon ang binatilyo, kaya binagalan na lang ni Bree ang paglalakad.

Pumunta ang binatilyo sa likod ng malaking bato, nawala na sa paningin ni Bree. Tumigil sa paglakad si Bree, at naghintay sa muling paglitaw ni Teddy. Nang umabot ang sampung minuto at hindi pa rin lumalabas mula sa likod ng bato ang anak ni Aling Lolit, kinabahan na si Bree. Humangos siya, pero binagalan ulit ang pagkilos pagdating sa malaking bato. Dahan-dahan, sumilip siya sa likuran nito.

Nakita niya si Teddy, hindi naman napaano: nakatalikod ito sa kanya, nakatalungko sa dalampasigan, lubog ang mga binti. May kausap itong babaeng mahaba ang buhok. Nakasuot ang babae ng basang kamiseta, at nakadapa sa dalampasigan. Mukhang morena, batay sa nakalitaw na braso. Hindi makita ni Bree ang kalahati ng katawan ng babae, dahil natatakpan ng tubig. May inilabas si Teddy sa bulsa ng kanyang shorts—mukhang mga piraso ng tela—at ipinakita ito sa babae. Sa pagkakalahad ng mga palad ng binatilyo, parang mamahaling bagay ang inihahandog sa kausap. Kinuha ng babae ang isa sa mga papel na bilugan—aha! isa sa mga mukhang galing sa mga tarpaulin!—at tiningnan nang malapitan. Noon lang napagtanto ni Bree na hindi niya maaninag ang mukha ng babae. Mayroon naman itong mga mata, ilong, bibig, pero parang wala siyang makita. Tila binalot ng maitim na balat ang mukha nito para matakpan ang anumang naroon, pero nananatili pa rin ang bakas ng pagmumukha. Unti-unti siyang lumapit para mas masipat ang mukha ng babae.

Ilang hakbang pa lang ang nagagawa ni Bree nang mapansin siya ng babae. Sumigaw ito nang ubod lakas. Nahintakutan si Bree dahil may bumuka sa blangkong mukha nito, pero wala siyang nakitang labi. Sisigaw na siya pero natigilan nang may umangat na higanteng buntot ng isda mula sa tubig. Sandali siyang napaisip kung may pating ba sa Malabon, bago naidugtong sa isip na bahagi ng katawan ng babae ang buntot. Saka lang niya natagpuan ang sariling boses: "Omaygad! Sirena! Omaygaaaaad!"

Bago niya pa namalayan, nagtatakbo na siya palayo sa malaking bato sa dalampasigan, at inabutan na siya ni Teddy. Hinawakan siya nito sa braso at hindi bumitiw kahit anong pagpupumiglas ni Bree. Natumba sila sa maruming buhanginan, nagpambuno, hanggang sa makapangibabaw ang binatilyo, at tinakpan ng palad ang bibig ng receptionist.

"Huwag kang maingay! Huwag kang maingay!" sabi ni Teddy.

Hindi niya malaman kung dahil ba sa awa o sa matinding gutom sa maghapon, pero doon inabutan ng pagod si Bree. Napapikit na lang siya at tumigil sa paglaban. Nang maramdaman ng binatilyo na hindi na pumapasag si Bree, bumitaw na rin ito, at umupo sa isang tabi.

Ilang sandali ang lumipas na nakahiga lang si Bree at nakapikit, pinoproseso ang nakita kani-kanina lang. Natigil lang siya sa pagmumuni nang marinig ang paghikbi ng binatilyo.

"Teddy," sabi ni Bree.

"Wala siyang ginagawang masama, wala siyang kasalanan sa inyo," bulong ng binata.

"Sorry, nagulat lang ako. Diyos ko naman, ngayon lang ako nakakita ng totoong sirena!"

Hindi sumagot ang binatilyo.

"Teddy, ano ba ang nangyari? Bakit ganoon ang mukha niya? At iyong mga mukha, bakit—?"

Huminga nang malalim ang binata, lumingon kay Bree. Tinitigan siya nito, saka nagsimulang magkuwento.

MANGINGISDA SI MANG Quentin, ang tatay ni Teddy. Isang madaling araw, umuwi ito na may malaking huli. Nagtaka silang lahat dahil hindi naman karaniwang nag-uuwi ng ganoon karaming huli ang kanyang ama. Apat o limang kilo lang ang kadalasang itinitira nito, at ibinebenta na lahat sa consignacion kahit palugi. Pero noong madaling araw na iyon, pumasok si

Mang Quentin ng bahay na nagmamadali, bitbit ang huli na parang higanteng sanggol na lambat ang pambalot, sa halip na lampin. Nangalingasaw sa buong bahay ang matinding lansa. Sanay na sila sa amoy ng isda at dagat, halos hindi na nga ito rumerehistro sa pang-amoy nila, pero mabagsik ang lansang iyon. Napatakip ng ilong si Teddy. Nang lingunin niya ang ina, nakakunot din ang ilong nito.

Nagtanong si Aling Lolit kung ano ang huli, pero sinaway lang siya ng bana. Agad pinakuha ni Mang Quentin kay Teddy ang pinakamalaki at pinakamalalim nilang banyera, at ipinalagay ito sa silong ng barumbarong. Pagkatapos punuin ng tubig ang banyera, doon inilagay ang iniuwi.

Nakapalibot silang lahat sa banyera nang tanggalin ni Mang Quentin ang lambat. Sumaboy sa hangin ang mabagsik na lansa. Tumambad ang huli ng kanyang ama. Muntik nang himatayin si Aling Lolit, mabuti na lang at nasalo ni Teddy. Isang sirena ang iniuwi ng kanyang ama.

Nakatungo ang sirena nang una nilang makita, at kahit nagulat na sila sa buhok nitong mahaba at kulay lumot, sa katawang may maitim na balat pero hindi sunog (mas naalala ni Teddy ang mga hito sa consignacion), sa dibdib na walang utong (wala itong suot na pang-itaas, at kahit na hindi sinasadya ng binatilyo, dumaplis ang mga mata niya sa dibdib ng nilalang sa banyera. Labindalawang taon lang siya noon, pero hindi na inosente sa katawan ng mga babae. Karaniwang tanawin na sa Sitio Tagolilong ang kababaihang nagpapasuso ng sanggol kahit nasa labas ng bahay), at sa buntot na kulay bato (itim, pero pinilakan at makaliskis), hindi nila naihanda ang mga sarili sa mukha ng sirena.

Noon lang nakakita si Teddy ng ganoong uri ng mukha. Hindi niya mailarawan kung ano ang tiyak na itsura ng mata, ilong, at bibig, pero sa kung anong dahilan, hindi mapigilang tumitig ng binatilyo.

Napuno ang dibdib ni Teddy ng kung anong galak, parang gusto niyang maglupasay sa buhangin at magpasalamat dahil ang ganda ng mundo, napakabuti ng Diyos, at nasisiguro niyang walang katapusang tagumpay ang kanyang nakatakdang kapalaran—kung anumang tagumpay ang maaari niyang magagap sa murang isip. Umakyat ang luha sa kanyang mga mata.

Makaraan ang ilang minuto ng paglulunoy sa emosyong dulot ng mukha ng sirena, nilingon ni Teddy ang mga magulang. Interesado rin ang mga ito sa taong isda, pero walang mababakas na galak sa mga mukha. Sa halip, parehong mukhang gutom ang mga ito, at masama ang tingin sa sirena. Madiin pa nga ang kagat sa labi ng kanyang ama, halatang nanggigigil.

Hindi kumikilos ang sirena. Nakatingin lang ito sa kanila, kalmado ang pagtaas-baba ng dibdib.

Inutusan ni Mang Quentin si Teddy na itali ng lubid ang mga braso ng sirena. Naaawa ang binatilyo sa taong isda, pero wala siyang nagawa kundi sundin ang ama. Binusalan din niya ito, para masigurong hindi makakuha ng atensiyon ng ibang tao sa isla.

Gustong ibenta ni Mang Quentin ang sirena. Sinabi niya ito agad, pag-akyat nilang tatlo sa barumbarong. Gagamitin nila ang pera sa pagbili ng bagong bangkang de-motor, at panimulang bayad sa uupahang bahay sa pangunahing lupain ng Malabon. Sa wakas, makakaalis na sila sa isla, makakapag-aral na ulit si Teddy, makakapagsimula na ng munting negosyo si Aling Lolit—uupa sila ng espasyo sa palengkeng bayan at doon magbebenta ng alimango, alimasag, at iba pang huli ni Mang Quentin—sa halip na paghahayuma at pag-uuling lang ang inaatupag nilang mag-ina.

Tahimik lang si Aling Lolit habang naglilitanya ng mga pangarap ang kanyang bana. Mukhang nalimot na nito ang anumang emosyon kanina sa harapan ng sirena, at napalitan na ng antisipasyon sa posibilidad ng pag-unlad ng kanilang buhay. Maging si Teddy ay naapektuhan. Pumarada sa isip niya ang mga bagong kaklase at kaibigan, bagong uniporme, at ang patsada ng Mababang Paaralan ng Talong Punay na huli niyang nasilayan noong nasa ikalimang baitang pa lang siya.

Pinigil ang pangangarap ni Teddy ng sigawan sa labas ng kanilang barumbarong. May sirena! May sirena! Humangos sila pababa. Marami na palang tao sa harapan ng kanilang bahay, at nakapasok na ang mga ito sa silong. Hindi man nag-ingay ang sirena, ipinakilala pa rin siya ng kanyang matinding lansa sa mga taga-Sitio Tagolilong. May isang nakalabit ang ilong, nagpunta sa silong, nakita ang sirena, at tinawag ang lahat ng kayang tawaging kapitbahay.

May grupo ng kalalakihang humila sa banyera mula sa silong. Pumapalag na ang sirena, panay ang kawag ng buntot nito. Napikon ang isang lalaki na tinamaan ng buntot sa mukha. Kilala ito ni Teddy. Madalas niya itong nakikitang kasabay ni Mang Quentin sa pangingisda. Tahimik lang ito at bihirang makisali sa mga inuman. Pero noong sandaling iyon, nag-ibang anyo ito dahil sa matinding galit na nakaguhit sa mukha.

Nilapitan agad ni Mang Quentin ang lalaki para pigilan, pero itinulak ng lalaki ang ama ni Teddy. Pagkuwa'y binaligtad nito ang banyera. Sumadsad

sa buhangin ang sirena. Lumapit ang lalaki at sinabunutan ang taong isda. Lumitaw ang mukha ng sirena na kanina ay natatakpan ng mahabang buhok nito sa pagwawala. Ilang sandaling natigilan ang lalaki. Umasa si Teddy na mabibighani rin ang lalaki at lalambot ang loob tulad niya kanina, pero lalo lang umapaw ang galit na kanina pa mababakas sa mukha. Inginudngod ng lalaki ang sirena sa buhangin.

Nagtangka na rin ang kanyang ina pigilan ang lalaki, pero hinawakan siya ng ibang miron. Nasilayan rin ng mga miron ang mukha ng sirena, at tulad ng lalaki, napuno rin sila ng poot. Nag-umpisang magtungayaw ang mga tao: sige, basagin mo ang mukha niyan! Halimaw! Patayin 'yan! Malas 'yang lintik na 'yan! Peste!

Lalo lang ginanahan ang lalaki sa ginagawa, at paulit-ulit pang inginudngod ang sirena. May ibang hindi pa nakontento sa pagtutungayaw. Dumampot sila ng mga bato at pinagpupukol ang taong isda. Mayroong mas mapupusok na lumapit at pinukpok nang paulit-ulit ang mukha, katawan at buntot ng kawawang nilalang.

Habang pinagtutulungan ng mga taga-Sitio Tagolilong ang taong isda, lumitaw si Mang Quentin, hinahalihaw ng sagwan ang lahat ng madaanan. Isa-isang nagsilayo ang mga tinamaan. Pinuntirya ng ama ni Teddy ang lalaking nagpasimula ng lahat: pinaghahampas ito ni Mang Quentin ng sagwan, walang pakialam kahit saan tamaan. Ilang sandaling natigilan ang lahat, bago muling kumuyog. May mga umaawat, may mga umaatake na rin kay Mang Quentin. Sumali na rin ang kanyang ina. Panay ang sigaw nito habang itinutulak palayo ang ibang taong gustong saktan si Mang Quentin, kayo ang mga halimaw! Wala siyang ginagawa sa inyo! Wala kaming ginagawa sa inyo! Lumayas kayo rito!

Sinamantala ni Teddy ang pagkakataon. Sa gitna ng gulo, pumuslit siya at hinila ang sirena palayo sa mga tao. Dinala niya ito sa malaking bato sa dulong dalampasigan, malayo sa kumpol ng mga barumbarong. Doon lang niya nakita, sa liwanag ng buwan, ang sinapit ng sirena sa kamay ng mga taga-Sitio Tagolilong. Puspos ang paghingi ng paumanhin, hinilamusan ni Teddy ang sirena. Nahugasan ng tubig ang dugo at dumi sa mukha ng taong isda, pero tuluyan nang nabura ang mukha nito.

"MULA NOON, BINIBIGYAN ko na siya ng mga mukha. Kumukuha ako ng mga mukha kung saan-saan. Sumasama ako minsan kay Tatay sa consignacion. Naghahanap ako ng mga lumang diyaryo at magasin, ginugupit ko ang

mga mukha," sabi ni Teddy. "Kaya no'ng makita ko ang mga tarpaulin n'yo, sinamantala ko na. Nakita ko lang na parating ka na, kaya hindi ko nagupit 'yong huling mukha. Nalaslas ko tuloy."

Nakaupo pa rin sila sa buhangin, malapit sa malaking bato sa dulong dalampasigan. Nakalimutan na ng receptionist ang pagkalam ng tiyan. Hindi siya makapaniwala sa kuwento ng binatilyo, pero nakaukit pa rin sa isip ang nasaksihan. "Ano ang nangyari sa mga tao pagkatapos? Hinanap ba nila ang sirena?" tanong ni Bree.

"Wala. Tumigil sila nung makalayo na kami. Wala na ring maalala kahit sila tatay sa mga nangyari. Hindi ko alam kung bakit."

"Hindi sila nagtaka na bigla na lang silang nagbugbugan?"

"Pagbalik ko sa bahay, sinabihan ako nina tatay na huwag nang babanggitin kahit kailan 'yong nangyari. Gano'n din siguro 'yong iba."

"Pero 'yong mga nawawalang mukha? Wala silang suspetsa?"

"Ewan ko. Limang taon na rin mula nang mangyari 'yon. Basta sigurado ako, wala na silang alam tungkol kay Maya."

"Sinong—"

Tinitigan siya ni Teddy bago nagsalita, "'Yong kaibigan ko."

Natahimik si Bree. Binalikan niya sa isip ang pakikipag-usap kay Aling Lolit kanina. Tila nga wala itong kaalam-alam tungkol sa sirena. Kahit pa si Aling Edna. Nagtataka lang sila na laging may mga nawawalang mukha sa isla, pero sa pagtutuos, malamang ay wala na ring pakialam. Naisip ni Bree, siya man ang tumira sa Sitio Tagolilong, hindi naman niya ito pagkakaabalahang ukilkilin pa. Marami pang mas mahalagang bagay na dapat asikasuhin.

"Teddy?"

"Hmm?"

"Bakit mo binibigyan ng mga mukha si ano…?"

"Si Maya ho?"

"Oo, si Maya."

"'Yon lang ho ang magagawa ko para mag-sorry, e. Wala namang magsosorry sa kanya," sagot ni Teddy.

Bumuhos ang mga tanong na sumulpot sa isip ni Bree: "Pero bakit? Nakikita niya ba 'yon? Sinusuot niya ba 'yong mga mukha? Di ba mga papel

lang naman 'yon? Saka wala ba siyang mga friends na sirena? O, teka, teka. Nakakalangoy pa ba siya o hindi na? Wala ba silang kaharian sa ilalim ng dagat? Saka bakit ikaw ang magso-sorry, hindi naman ikaw ang may kasalanan?"

Natigilan ang receptionist nang mapansin na hindi na sumasagot ang binatilyo. Nakasubsob ito sa mga tuhod at braso, yumuyugyog ang mga balikat. Sinurot siya ng konsensiya: bakit nga ba ipinapapasan sa binatilyo ang mga detalye? Mahalaga pa ba ito? Siya lang naman itong nakikisawsaw sa buhay ng mga taga-Sitio Tagolilong. Nawala man ang mga mukha, tinahi naman ito ng mga bata. Walang nasaktan, mayroon pa ngang nakinabang.

"Sorry, Teddy."

"Okay lang ho ako," sagot ng binatilyo, nakasubsob pa rin ang mukha.

"May ibibigay sana ako sa inyo ni Maya," sabi ni Bree. Kinapa niya sa kanang bulsa ang cellphone. Binunot niya ito, at noon lang nakita na nabasa pala ito habang nagpapambuno sila ng binatilyo. Pinindot-pindot niya ang cellphone. Walang nangyari. Napabuntong-hininga na lang si Bree. "Naku, Teddy. Pasensiya ka na. Nasira na pala itong cellphone ko."

"Okay lang ho," sagot ng binatilyo.

"Kung gusto mo, ibibigay ko pa rin sa iyo. Ipagawa mo na lang? Bibigyan na lang din kita ng pampagawa, saka 'yong charger—"

"Salamat na lang ho."

"Ha? Anong salamat ka diyan? Puwede n'yo itong gamiting pang-selfie! Alam mo ba 'yon? 'Yong pipiktyuran mo ang mukha mo sa cellphone? Ayaw mo non, hindi ka na magnanakaw ng mga mukha?"

"Hindi naman ho kami nanlilimos," sagot ng binata.

Dahil hindi alam kung ano ang isasagot, tumayo na lang si Bree at nagpagpag ng sarili. Nag-isip na lang siya ng mga posibleng paliwanag pagbalik, kung bakit mukha siyang nagpagulong-gulong sa basura. "Halika na?" aya niya sa binatilyo.

"Hindi n'yo ba gustong makilala si Maya?"

Napaisip si Bree. Sayang ang pagkakataon. Wala naman siyang gagawin, titingin lang, makikipagkuwentuhan siguro nang kaunti, saka magpapaalam. Pero paano na lang kung mapuno rin ng galit ang dibdib niya? Ayaw niyang matulad sa mga halos nabaliw na mamamayan ng mga Sitio Tagolilong. Ayaw rin niyang isipin ang mga posibleng mangyari kapag siya pa mismo ang

magdadala sa sirena sa mga kamay ng mga abusadong kasamahan sa barangay hall. “Huwag na lang. Baka nahihiya rin siya. Saka nakakita na naman ako ng sirena.”

Namilog ang mga mata ng binatilyo. “Talaga ho? Saan?”

“Sa amin, sa Talong Punay.”

“Nililoko n’yo naman ako, e.”

“Hindi, Teddy. May mga sirena rin sa barangay namin,” sagot ni Bree. “Hindi lahat ng sirena, may buntot.”

Nagkatawanan silang dalawa. Pagkuwa’y umangil ang tiyan ni Bree. Hinila niya sa braso si Teddy, at sabay silang naglakad pabalik sa kampo ng mga taga-Barangay Talong Punay.